
ADYENDA
NG
MARALITA

# ADYENDA NG MARALITA

Milyon-milyong Pilipino ang lubos na nagdurusa sa napakabilis na pagtaas ng presyo ng pagkain, langis, at iba pang batayang bilihin at serbisyo. Mula nang maupo si Marcos Jr., wala pang malinaw at kongkretong plano at solusyon ang kanyang administrasyon sa nararanasan na hirap at bumibilis na pagdausdos ng kabuhayan ng mga Pilipino.

Habang kinakaharap pa rin natin ang krisis na dulot ng pandemya, lalong tumitindi ang kagutuman, kawalang trabaho at kabuhayan, kawalang ayuda, at pang-aabuso ng mga pulis at militar. Dahil dito, lalong nagiging mahalaga ang paniningil sa mga namumuno.

Bitbit ng Adyenda ng Maralita ang pinagkaisang tinig ng maralitang lungsod sa buong bansa. Sinusulong nito ang panawagan at mga kagyat na pangangailangan ng maralitang lungsod sa gitna ng tumitinding krisis. Panawagan ito sa lahat ng mga grupo, personahe at mga lider ng bansa na maging kaisa para sa karapatan at kapakanan ng mahihirap.

Kailangang ayusin ng pamahalaan ang mga prayoridad nito. Kailangang palawigin ang mga proteksyong panlipunan para matulungan ang mga pamilyang pinaka nangangailangan. Ang Agenda ng Maralita ay isa lamang sa mga pangunahing hakbang para paunlarin ang pambansang ekonomiya at protektahan ang mga karapatan ng mga maralitang lungsod. Maisusulong natin ito sa pamamagitan ng ating pagkakaisa at masikhay na pagpapalawak at pagpapatibay sa mga samahan at organisasyong masa.

# MGA NILALAMAN

1. SAHOD ITAAS!
2. SERBISYO AT PROTEKSYONG PANLIPUNAN
3. DISENTE, ABOT-KAYA, AT PANGMASANG PAMPUBLIKONG PABAHAY
4. PROTEKSYON MULA SA KALAMIDAD
5. KARAPATANG PANTAO
6. PAMBANSANG SOBERANYA

# 01. SAHOD ITAAS!

- Itaas ang sahod ng mga manggagawa at ipatupad ang P1,100 National Minimum Wage sa pribadong sektor na nakabatay sa family living wage at P33,000 kada buwan naman sa pampublikong sektor.

- Ibasura ang lahat ng porma ng kontraktwalisasyon. Lumikha ng mga regular na trabaho para sa mamamayan at tiyakin ang mga karapatang kaakibat nito. Kabilang dito ang karapatan sa pagtatayo ng mga unyon, pagtanggap ng mga benepisyo, at seguridad sa trabaho.

- Magbuo at magpatupad ng batas na magbibigay proteksyon sa mga informal workers gaya ng vendors, mga tsuper, scavengers atbp.

- Itigil ang Phaseout sa mga jeepney at iba pang tipo ng Public Utility Vehicles (PUV). Dapat ibasura ang DOTR Department Order 2017-011 na nagpapatupad ng Omnibus Franchising Guidelines, at ang mga kaakibat nitong mga LTFRB Memorandum Circular na nagpapatupad sa Modernization at Franchise Consolidation.

- Bigyan ng sapat na ayuda at suporta ang mga tsuper at maliliit na operator na nabaon sa utang dahil napilitang pumasok sa PUV Modernization Program.



# 02. SERBISYO AT PROTEKSYONG PANLIPUNAN

- Kagyat na ilabas ang P10,000 ayuda para sa bawat pamilyang nangangailangan. Gawing mabilis at sistematiko ang pamamahagi ayuda at tuloy-tuloy sa loob ng tatlong buwan.
- Ipatupad ang moratorium, sa panahon ng state of calamity, sa mga bayarin kagaya ng amortisasyon at upa sa mga pabahay, kuryente, tubig atbp.
- Tanggalin ang Excise Tax at 12% VAT sa langis. Alisin din ang VAT sa mga essential good sa panahon na napakataas ng inflation rate sa bansa.
- Bigyan ng sapat na ayuda ang mga tsuper at maliliit na operator na labis na naaapektuhan ng patuloy na pagtaas ng presyo ng langis.
- Alisin ang mga labis-labis na multa at bayarin. Tuluyang ibasura ang No Contact Apprehension Program (NCAP) at pigilan ang pagpapatupad nito sa buong bansa. Bawiin ang iba pang kautusan at batas na nagpapataw ng labis-labis na multa, gaya ng Joint Administrative Order (JAO) 2014-01 ng DOTR-LTO-LTFRB.
- Ibasura ang TRAIN Law at Oil Deregulation Law, na parehong nagpapahintulot ng walang habas na pagtataas ng presyo ng mga bilihin.
- Irepaso ang lahat ng mga Build Better More projects na magpapalayas sa maraming mga pamilyang maralitang lungsod. Lalo ang mga proyektong pinopondohan ng mga dayuhan na lubos lang magbabaon sa atin sa napakalaking utang.
- Gawing ligtas, may trabaho, at may batayang serbisyong panlipunan ang mga maralitang komunidad maging ang mga nasa relocation sites.
- Ibasura ang Rice Tariffication Law at maglaan ng sapat na suporta para sa mga magsasaka at lokal na produksyon at agrikultura upang mapababa ang presyo ng pagkain.
- I-rechannel ang bilyon-bilyong confidential fund, intelligence fund, at unprogrammed fund ng Office of the President, Office of the Vice President, at iba pang ahensya at ilaan ito sa mga agarang kinakailangang ayuda at tulong sa mahihirap na pamilya at mga nasalanta ng mga kalamidad.



## 03. DISENTE, ABOT-KAYA, AT PANGMASANG PAMPUBLIKONG PABAHAY

- Pakinabangan ang lahat ng tiwangwang na lupa at pabahay ng gobyerno sa buong bansa. Kagyat na patirhan ito sa mga pinakamahihirap nating kababayan.
- Maglaan ng sapat na pondo sa pambansa at lokal na pamahalaan para sa pagpapatayo ng pampublikong pabahay upang maresolba ang matagal nang housing backlog.
- Ipatigil ang lahat ng uri ng demolisyon at magbigay diin sa on-site development o pagpapaunlad sa mga komunidad na kalahok at may pagpapasya ang mga maralita.
- Maayos na kalsada, health centers, paaralan, tubig, at kuryente na malapit sa mga pabahay at relokasyon.
- Gawing prayoridad ang in-city housing at on-site development para sa mga homeless o walang katiyakan sa paninirahan.
- Pababain ang mga bayarin sa amortisasyon sa mga pabahay. Magpatupad ng iba pang mas abot-kayang moda ng pabahay na hindi lang nakaasa sa mga pribadong developer at mga nagpapautang na bangko gaya ng public rental, land rental, usufruct, atbp.



# 04. PROTEKSYON MULA SA KALAMIDAD

- Itigil ang mga proyektong mapangwasak sa kapaligiran habang pinapalakas ang kakayahan ng pamahalaan at ng mga komunidad na mapaghandaan ang mga sakuna.

- Tiyakin ang papel at pondo ng mga pamayanan para sa maagap na relief at rehabilitation sa mga maapektuhan ng anumang kalamidad.

- Tiyakin ang rehabilitation at kalinisan ng Manila Bay, Pasig River, at Laguna Lake. Gayundin, ipagbawal ang anumang porma ng reclamation o proyektong imprastraktura gaya ng Pasig River Expressway (PAREX) na magpapalayas sa daang-libong mga residente na naninirahan sa paligid at higit na magiging peligroso sa kapaligiran.



# 05. KARAPATANG PANTAO

- Buwagin ang National Task Force to End the Local Communist Armed Conflict o NTF-ELCAC na siyang sanhi ng napakaraming atake sa mamamayan. Panagutin ang mga tagapagpalaganap ng red tagging at bigyang hustisya ang mga naging biktima nito. Ang pondo nito'y dapat ilaan sa ayuda at iba pang serbisyo.

- Itigil ang paggamit sa "war on drugs" para atakehin ang paglaban ng mamamayan sa mga komunidad at nagbubunsod ng paglabag sa karapatang pantao.

- Linisin ang iba't ibang sangay ng gobyerno kasama ang AFP, PNP, mga National Agencies, LGUs na sangkot at kumikita sa iligal nadroga.

- Ikulong sina Duterte, Bato Dela Rosa at lahat ng iba pang sangkot sa pagpapatupad ng Oplan Tokhang. Panagutin at ikulong ang mga malalaking drug lords.

- Tiyakin ang kaligtasan ng mga housing at human rights advocates mula sa anumang atake sa kanila dahil sa kanilang prinsipyo at adbokasiya.

- Ipagpatuloy ang pambansang-antas na Peace Talks upang makamit ang makatarungan at matagalang kapayapaan!



# 06. PAMBANSANG SOBERANYA

- Igiit ang soberanya at bawiin ang patrimonya ng Pilipinas. Bawiin ang karapatang pang-ekonomiya natin sa West Philippine Sea, para mapakinabangan natin ang mga yamang-dagat at mga mina ng langis.

- Alisin ang mga kampo ng militar ng US at isawalang-bisa ang Visiting Forces Agreement (VFA), at bawiin ang mga katulad na batas at kautusan na pinahihintulutan ang pakikialam ng mga dayuhang militar sa ating bayan.

- Sa kagyat, ibasura ang RA11659 na nag-amyenda sa Public Service Act na nagbibigay-karapatan sa mga dayuhan para magmay-ari sa 100% sa mga public utilities at public services, kasama ang transportasyon!



**SAHOD, ITAAS!**
**PRESYO, IBABA!**
**AYUDA, IBIGAY!**



KADAMAY
Kalipunan ng Damayang Mahihirap

PISTON

PINAGKAISANG LAKAS NG MAMAMAYAN

SIKAD

ALYANSA KONTRA DEMOLISYON